

Accessible na Ngayon ang Airbnb sa Dalawang Beses na Mas Maraming Wika

Ang Airbnb ang pinakamalaking online na merkado sa buong mundo para sa mga natatangi at awtentikong lugar na matutuluyan at mga maaaring gawin. Nag-aalok ito ng mahigit sa 7 milyong akomodasyon at 40,000 personalisadong aktibidad, na hatid ng mga lokal na host. Tinatayang anim na bisita ang nagche-check in sa isang listing sa Airbnb bawat segundo. At nangyayari ang mga pag-check in na ito sa iba't ibang panig ng mundo: Noong 2011, mayroong 12 lungsod na may mahigit sa 1,000 listing sa Airbnb; ngayon, halos 1,000 lungsod ang may mahigit sa 1,000 listing sa Airbnb. Gayundin, noong 2011 isang lungsod lang ang tumanggap ng mahigit sa 100,000 bisita sa mga listing sa Airbnb, ngunit nitong nakalipas na taon, mahigit sa 300 lungsod ang tumanggap ng mahigit sa 100,000 bisita.

Bagama't ginagamit na ang Airbnb sa mahigit sa 191 bansa at rehiyon sa iba't ibang panig ng mundo, patuloy kaming nagsisikap para gawing accessible sa mas maraming tao ang aming platform. Mula Albanian hanggang Zulu, gusto naming maramdaman ng lahat na tanggap sila sa Airbnb, anuman ang wika nila.

Mula ngayon, magagamit na ng mga host at bisita ang Airbnb sa dalawang beses na mas maraming wika. Ngayong 62 wika sa iba't ibang panig ng mundo na ang sinusupportahan, maa-access na ang platform ng Airbnb ng mahigit sa 4 na bilyong nagsasalita ng sarili nilang wika¹. Sa pamamagitan ng mga bagong wikang ito, nagsisikap kaming makapagbigay ng pagkakataong pangkabuhayan sa mas marami pang host, at mas pinapadali pa namin na makaranas ang mas maraming bisita ng lokal, awtentiko at natatanging mga biyahe.

Narito ang 31 bagong wika na available na ngayon sa Airbnb:

1. Albanian (Albania)
2. Armenian (Armenia)
3. Azeri (Azerbaijan)
4. Bosnian (Bosnia)
5. Bulgarian (Bulgaria)
6. Traditional Chinese (Hong Kong SAR)
7. English (Australia)
8. English (Canada)
9. English (United Kingdom)
10. Estonian (Estonia)
11. French (Canada)
12. Georgian (Georgia)
13. Hindi (India)
14. Irish (Ireland)
15. Latvian (Latvia)
16. Lithuanian (Lithuania)

¹ Ethnologue.com, Oktubre 2019. Masasaklawan ng 62 wikang magagamit na ngayon sa Airbnb ang mahigit sa 4 na bilyong nagsasalita ng sarili nilang wika. Ang kabuuang bilang ng mga nagsasalita ng sarili nilang wika na masasaklawan namin sa 62 wika ay 4.3 bilyon. (3.3 bilyon mula sa aming kasalukuyang 31 wika, na madaragdagan ng 1 bilyon mula sa bagong 31 wika na ilulunsad namin ngayon.)

17. Macedonian (North Macedonia)
18. Maltese (Malta)
19. Montenegrin (Montenegro)
20. Romanian (Romania)
21. Serbian (Serbia)
22. Slovak (Slovakia)
23. Slovenian (Slovenia)
24. Spanish (Argentina)
25. Spanish (Latin America)
26. Swahili (Africa)
27. Tagalog (Philippines)
28. Ukrainian (Ukraine)
29. Vietnamese (Vietnam)
30. Xhosa (South Africa)
31. Zulu (South Africa)

Para sa aming mga host at bisita na gumagamit sa website o app ng Airbnb, madaling lumipat sa bagong wika. Sa desktop, mag-click [dito](#) para pumili ng wika. Ginagamit ng mga mobile app namin ang wikang pinili sa mga setting ng device. Puwedeng pumunta ang mga user sa mga setting ng device nila para lumipat sa isa sa mga bagong wikang sinusuportahan na namin ngayon.